

## DOCKETED

<b>Docket Number:</b>	16-OIR-02
<b>Project Title:</b>	SB 350 Barriers Report
<b>TN #:</b>	215127-7
<b>Document Title:</b>	Fact Sheet - SB350 Barriers Study (Tagalog)
<b>Description:</b>	*** THIS DOCUMENT SUPERSEDES TN 212688-7 ***
<b>Filer:</b>	Patty Paul
<b>Organization:</b>	California Energy Commission
<b>Submitter Role:</b>	Commission Staff
<b>Submission Date:</b>	12/29/2016 2:44:56 PM
<b>Docketed Date:</b>	12/29/2016



# California Energy Commission Pag-aaral sa Mga Hadlang sa May Mababang Kita

Pangingibabaw sa Mga Hadlang sa Pagkaepisyente ng Enerhiya at renewable na Enerhiya para sa Mga May Mababang Kita na Kostumer

## **Binabago ng California ang Mga Pangangapital para sa Malinis na Enerhiya para sa mga May Mababang Kitang Kostumer at Lokal na Maliliit na Negosyo sa mga Nahihirapang Komunidad.**

Para matugunan ang mga layunin sanhi ng mga pagbabago sa klima, mga pamantayan sa malinis na hangin, at mga layunin para sa seguridad ng enerhiya, binabago ng California ang paraan ng paggawa at paggamit nito ng enerhiya. At habang isinasagawa natin ang transisyon na ito, kailangang tiyakin ng estado sa lahat ng mga Californian, kabilang na iyong mga nasa pinakamahinang mga komunidad, isakatuparan ang mga dapat maging resultang benepisyo. Ang Lehislatura, sa pamamagitan ng Senate Bill 350 (SB 350, de León, Statutes of 2015), ay nag-utos sa California Energy Commission na magsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa mga sumusunod:

- Ang mga hadlang sa mga kostumer na may mababang kita para sa pagkaepisyente ng enerhiya at weatherization na pamumuhunan, kasama na iyong mga nahihirapang komunidad at mga rekomendasyon kung paano mapaparami ang paraang makagamit ng mga nasabing pangangapital.
- Mga hadlang sa at mga oportunidad para sa solar photovoltaic na panlikha ng enerhiya, at iba pang renewable na enerhiya ng mga kostumer na may mababang kita.
- Mga hadlang sa pagtatamo ng mga oportunidad para sa mga lokal na maliliit na negosyo para sa mga nahihirapang komunidad.

## **Ang Energy Commission ay naghahandog ng limang pangunahing mga rekomendasyon sa pagtataguyod sa mga may mababang kita at nahihirapang komunidad ng paraang makagamit ng mga programang pang-enerhiya at ang mga benepisyo na matatamo mula dito.**

### **Mga Pangunahing Rekomendasyon:**

1. Ang estado ay dapat magtatag ng isang task force para mapadali ang koordinasyon ng lahat ng mga ahensya

ng estado sa pamamahala ng enerhiya, tubig, makabawi sanhi ng pagbabago, pabahay, at transportasyon na may mababang emission na mga programa ng imprastraktura para sa mga kostumer na may mababang kita at nahihirapang mga komunidad.

2. Dapat kumilos ang estado upang mabigyang pagkakataon ang mga pakinabang sa ekonomiya ng solar sa komunidad para matatag na magamit ng mga may mababang kita at nahihirapang mga populasyon sa kabuuan ng California.
3. Ang Energy Commission, California Public Utilities Commission, at California Department of Community Services and Development ay dapat makipag-partner sa California Labor and Workforce Agency, sa Workforce Investment Board, mga kolehiyo sa komunidad, at iba pang mga ahensya, at pati na rin makipagkonsulta sa mga employer, sa UC Berkeley Labor Center at iba pang mahahalagang mga trade union at mga nakabatay sa komunidad na organisasyon, para masaayos ang plano at masubaybayan ang pagsulong patungo sa pagtatamo ng mga layunin para sa lakas ng manggagawa, komunidad, at malinis na enerhiya.
4. Dapat na ipagpatuloy ng estado ang pagbubuo ng serye ng mga paunang programa para sa pananalapi na may kinalaman sa pag-upgrade ng enerhiya para matasa ang iba't ibang mga modelo para mapahusay ang access at paglahok ng mga may mababang kitang kostumer, kabilang na iyong mga nahihirapang komunidad.
5. Kailangang i-utos sa Lehislatura ang pakikipagtulungan ng lahat ng mga tagapaghatid ng programa na ahensya para makapagtatag ng iisang pamamaraan at kolektahin at gamitin ang data sa nakaayos na paraan sa lahat ng mga programa upang mapahusay ang pagganap ng mga programang ito sa mga komunidad na may mababang kita at iyong mga nahihirapang komunidad.

May ilang mga karagdagang rekomendasyon, na matatagpuan sa malawakang buod ng pag-aaral sa mga hadlang ([http:// energy.ca.gov/sb350/barriers\\_report/index.html](http://energy.ca.gov/sb350/barriers_report/index.html)).

**Bumuo ang Energy Commission ng pag-aaral sa mga hadlang sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang masusing pagrerepaso sa mga naisadokumentong impormasyon ng mga dalubhasa, pakikipagtalakayan sa mga komunidad na may mababang kita sa iba't ibang parte ng estado, at pamumuno sa isang serye ng mga teknikal na workshop.**

Isang pagrerepaso sa naisadokumentong impormasyon ng mga dalubhasa, pakikipag-ugnayan, at input mula sa stakeholder ayon sa bilang:

- Higit sa 100: Ang bilang ng mga pag-aaral na nirepaso ng staff ng Energy Commission upang madagdagan ang aming pag-uunawa sa mga hadlang na hinaharap ng mga may mababang kitang komunidad.
- 7: Ang bilang ng mga organisasyon sa komunidad na inanyayahan ang Energy Commission para tuwirang makibahagi sa mga miyembro ng kanilang komunidad hinggil sa paggamit ng renewable na enerhiya, pagkaepisyente ng enerhiya at mga weatherization na programa.
  - » Ang mga lokasyon ng pagpupulong na ito ay nagpapakita sa lawak ng mga iba't ibang kultura sa rehiyon at demograpiko ng California at kinabibilangan ng Los Angeles, Fresno, riverside, Oakland, Truckee/ South Lake Tahoe, at Ukiah.
- 7: Ang bilang ng mga wika na naisalin-wika o isasalin-wika ang mga pangunahing dokumento.
- 3: Ang bilang ng mga wika na sinasalita sa mga pagpupulong sa komunidad.
- 2: Pinamunuan ng Energy Commission ang pampublikong teknikal na workshop noong Agosto at Setyembre para sa mga pampublikong ahensya, mga serbisyong pampubliko (gas, tubig, kuryente atbp.), mga kinatawan sa iba't ibang larangan, at mga tagapagtanggol ng hustiya na may kinalaman sa kapaligiran upang ibahagi ang kanilang kadalubhasaan.

**Natuklasan sa pag-aaral na ang mga hadlang para sa may mababang kita at nahihirapang mga komunidad upang makagamit ng mga renewable at episyanteng enerhiya ay karaniwang mauuri na hinggil sa pagkakabalangkas o estruktura o may kinalaman sa patakaran/programa.**

Ang mga hadlang batay sa pagkakabalangkas, na madalas ay likas na taglay sa mga kondisyon ng kahirapan tulad ng malalaking mga rental market na nagreresulta sa hating mga insentibo at isyu sa estruktura o disenyo na madalas na may kaugnayan sa mas lumang tirahan. Ang mga ganitong uri ng hadlang ay maaaring mabawasan ang dulot na problema ngunit madalas ay mahirap namang tuluyang alisin. Kabilang sa mga hadlang sa patakaran at programa: ang paghahatid sa market kung saan ang mga programa ay hindi patas na hindi naisasama ang mga may mababang kitang kostumer, isang pangangailangan para sa mas mabuting pagsasaayos sa pagitan ng mga programa, at isang pangangailangan para sa mas mahusay na paggamit ng impormasyon para mapabuti ang pagkakalikha sa programa. Ang mga hadlang na ito ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng mga pagbabago sa pagkakalikha o lehislasyon ng programa.

**Ngayon na nakumpleto na ang pag-aaral sa mga paunang hadlang, makikipagtulungan ang Energy Commission sa iba pang mga ahensya ng estado, mga grupo sa komunidad, mga may kinalamang stakeholder, at ang Lehislatura para mapabilis ang paggamit sa pangangapital para sa malinis na enerhiya sa mga komunidad na may mababang kita.**

Bilang kasunod na mga hakbang, pinaplano ng Energy Commission na:

- Magsagawa ng mga workshop sa pagpapatupad sa simula ng taong 2017.
- Isaalang-alang ang mga tiyak na detalye sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon.
- Gumawa ng takdang talaan ng panahon sa paggagawa ng mga nakilalang solusyon.
- Kilalanin ang mga posibleng pagkukuhanan ng pondo.
- Repasuhin at isama, kung naaangkop, ang bagong impormasyon mula sa mga patuloy na pagsisikap para sa malinis na enerhiya para doon sa mga may mababang kita.

**Edmund G. Brown Jr.**  
Governor

**Robert B. Weisenmiller**  
Chair

**Robert Oglesby**  
Executive Director

Commissioners  
**Karen Douglas**  
**David Hochschild**  
**Andrew McAllister**  
**Janea A. Scott**



**CALIFORNIA**  
**ENERGY COMMISSION**

[energy.ca.gov](http://energy.ca.gov) | [facebook.com/CAEnergy](https://facebook.com/CAEnergy) | [twitter.com/calenergy](https://twitter.com/calenergy)